REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
UL Complex, Meralco Avenue
Pasig, Metro Manila

**TANGGAPAN NG KALIHIM**
**(OFFICE OF THE SECRETARY)**

Mayo 21, 1997

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 186, s. 1997**

**PAMBANSANG SEMINAR-TALAKAYAN SA IBA'T IBANG DULOG SA PAGTUTURO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad
Tagapamanihala/Administrador ng mga Paaralang Bokasyonal

1. Ang Kapisanan ng mga Propesor sa Filipino (KAPPIL), sa pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports at sa tangkilik ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magtataguyod ng Pambansang Seminar- Talakayan sa Iba't Ibang Dulog sa Pagtuturo na idaraos sa Mayo 19-21,1997 sa TUP Integrated Research Training Center, San Marcelino Gate, Malate, Maynila.

2. Ang paksang-diwa ng seminar-talakayan ay "Iba't Ibang Dulog sa Pagtuturo", kaugnay ng itinatakda ng Artikulo XIV, Seksiyon 6 ng Saligang-Batas at ng Patakarang Edukasyong Bilinggwal. Kalakip nito ang palatuntunan ng mga gawain.

3. Pagkatapos ng seminar-talakayan, ang mga dadalong kinatawan ay inaasahang:

a. maisasapanahon ang mga kaalaman sa mga dulog sa pagtuturo ng/sa Filipino;
b. mapauunlad ang mga kamalayang pampanitikan at pangwika; at
c. mapayayaman ang kaalaman hinggil sa epektibong pagsasagawa ng pagsasanay sa malikhaing gawaing pangwika.

4. Ang dapat na dumalo sa kapulungang ito ay ang lahat ng kinatawan ng mga kawanihan at tanggapang sentral ng DECS, mga pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, puno ng Kagawaran ng Filipino (SSHTs) o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya, kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga kasapi at dati nang kasapi ng KAPPIL.

5. Manggagaling sa pondong lokal, ayon sa pagkakaroon nito at sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit, ang ibabayad na isanlibong piso (P1,000.00) ng bawat kinatawan para sa (6 na meryenda at 3 tanghalian), seminar kit, at iba pang gastos kaugnay ng nabanggit na seminar. Manggagaling din sa pondong lokal ang halagang magugugol sa transportasyon papunta sa lugar ng seminar at pabalik sa sariling rehiyon, dibisyon, paaralan o kolehiyo/unibersidad. Para naman sa mga guro ng mga pribadong paaralan, kinakailangang makipag-ugnayan sila sa kani-kanilang paaralan/punongguro tungkol sa kanilang pagdalo.

6. Mangyaring magpadala ng reserbasyon o tumawag sa telepono kina:

Prop. Patrocinio V. Villafuerte
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Ayala, Taft Avenue, Maynila
Telepono Blg. 527-0371

Candelaria Cui-Acas
Komisyon sa Wikang Filipino
Watson Bldg., 1610 JP Laurel
Malacanang Palace Complex
San Miguel, Maynila

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RICARDO T. GLORIA
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 250, s. 1996

Pamumudmod: 1-2-3-4—(M.O. 1-87)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim
ng mgs sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
OFFICIALS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS

Kalakip ng Memorandum-

PAMBANSANG SEMINAR-TALAKAYAN SA IBA'T IBANG DULOG SA PAGTUTURO
Mayo 19-21, 1997, TUP-IRTC

## PALATUNTUNAN NG GAWAIN

UNANG ARAW-

| | |
|---|---|
| 7:30 - 9:00 | Rehistrasyon |
| 9:00 - 9:30 | Pambukas na Palatuntunan |
| 9:30 - 9:45 | Oryentasyon at Pagpapakilala sa mga Kinatawan |
| 9:45 - 10:00 | Meryenda |
| 10:00 - 11:30 | Pamaksang Pananalita |
| 11:30 - 12:00 | Malayang Talakayan |
| 12:00 - 1:00 | Pananghalian at Pahinga |
| 1:00 - 3:00 | Lektyur 1: Epektibong Pagtuturo (Pagganyak, Pagtatanong, Ebalwasyon) |
| 3:00 - 3:15 | Meryenda |
| 3:15 - 4:45 | Lektyur II: Pagtuturo ng Panitikan (Paraan ng Paglalahad, Pagpapahalaga at Ebalwasyon) |
| 4:45 - 5:00 | Malayang Talakayan |

IKALAWANG ARAW-

| | |
|---|---|
| 8:00 - 9:45 | Lektyur III: Pagtuturo ng Paglikha at Pagbigkas ng Tula |
| 9:45 - 10:00 | Meryenda |
| 10:00 - 11:30 | Lektyur IV: Pagtuturo ng Paglikha at Pagbigkas ng Talumpati |
| 11:30 - 12:00 | Malayang Talakayan |
| 12:00 - 1:00 | Pananghalian at Pahinga |
| 1:00 - 3:00 | Lektyur V: Pagtuturo ng Retorika |
| 3:00 - 3:15 | Meryenda |

| | | |
|---|---|---|
| 3:15 – | 4:45 | Lektyur VI: Pagtuturo ng Dula at mga Kauri |
| 4:45 – | 5:00 | Malayang Talakayan |

IKATLONG ARAW–

| | | |
|---|---|---|
| 8:00 – | 12:00 | Talakayan at Paglilinaw ng mga Bagay-Bagay Kaugnay ng mga Paksang Tinalakay |
| 12:00 – | 1:00 | Pananghalian at Pahinga |
| 1:00 – | 2:00 | Sintesis |
| 2:00 – | 2:30 | Ebalwasyon |
| 2:30 – | 3:00 | Meryenda |
| 3:00 – | 4:00 | Pagtatapos (Pamamahagi ng Sertipiko ng Pagdalo/Paglahok) |

KAPPIL:khandy11/970310